



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-49 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-8 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 14 HULYO 2014, 10:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Konsehal Gualberto V. Magno	- Tagapangulo
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Johnell C. Sifiel	
Konsehal David D. Dela Cruz	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Elsie F. Galaran	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Joseph M. Galicia	- Pangulo, Liga ng Barangay

Hindi Nakadalo: W A L A

PAMBAYANG ORDINANSA BLG. 04
Taong 2014

ISANG KAUTUSANG BAYAN O ORDINANSA NA NAGTATAKDA NG MGA KARAGDAGANG ALITUNTUNIN AT REGULASYON SA PAGGAWAD NG LINYA O PRANGKESA PARA SA MGA DE MOTOR NA TRICYCLCE ALINSUNOD SA ITINATADIANA NG SECTION 447 (3)(VI) NG LOCAL GOVERNMENT CODE

SAPAGKAT, itinatadhana ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal na ang kapangyarihan sa paggawad ng prangkesa sa mga de-motor na tricycle ay ipinagkaloob sa Sangguniang Bayan;

SAPAGKAT, upang maging maayos ang pagkakaloob ng linya o prangkesa ay nararapat lamang na may malinaw na mga regulasyon at alituntunin;

SAPAGKAT, patuloy ang pagdami ng hanapbuhay sa pamamagitan ng pamamasada ng de-motor na tricycle dahilan upang magkaroon ng linya o ruta ang bawat samahan o asosasyon ng de-motor na tricycle.

DAHIL DITO, IPINAG-UUTOS NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA:

PANGKAT 1. Ang lahat ng driver at operator na kukuha ng prangkesa sa Pamahalaang Bayan ay nararapat na kasapi ng isa sa mga usosasyong kinikilala ng Pamahalaang Bayan.

PANGKAT 2. Walang driver at operator ang maaaring makakuha ng prangkesa hangga walang ipinakitang sertipikasyon ng pagiging kasapi ng isang samahan o asosasyon ng de-motor na tricycle.

PANGKAT 3. Ang lahat ng mga asosasyon ay pagkakalooban ng kanya-kanyang ruta o linya at ang bawat asosasyon ay may itatalagang kulay bilang pagkakakilanlan kung saang ruta sila nabibilang.

PANGKAT 4. Ang sinumang lalabag sa mga alituntuning nakasaad dito ay parurusahan ng multang hindi hihigit sa P2,500.00 o pagkabilanggo ng hindi hihigit sa anim (6) na buwan o kaya ang dalawang kaparusahang ito ayon sa pasya ng hukuman.

PANGKAT 5. Ang kautusang ito o Ordinansa ay magkakabisa sampung (10) araw matapos na ito ay mapagtibay.


Sa mungkahi nina Konsehal Gualberto V. Magno at Konsehal Ramil O. Dimapilis na pinangalawahan nina Konsehal Juanito A. Bacay, Jr. at Konsehal Juan S. Advincula ang Ordinansang ito ay pinagtibay.

Pinagtibay: Hulyo 14, 2014

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


GUALBERTO V. MAGNO
Pansamantalang Tagapangulo

PINAGTIBAY:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Gumaganap na Punong Bayan
Petsa 28 JULY 2014

merz/071414

1 & 2 - unconstitutional